Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

3

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

## Filipino

### IKAAPAT NA MARKAHAN-MODYUL 3

**Mga Bumuo ng Modyul**

Manunulat: MARY JANE E. CABACABA
Tagaguhit: PEARL ANNE O. BUCO
Mga Tagasuri ng Nilalaman: RHODELLA V. RAMIREZ
ELMER D. ORDANIEL
Tagasuri ng Wika: RHODONA V. TUGNA
PERLIE O. SABANG

Tagapamahala:
**DR. MALCOLM S. GARMA**, Regional Director-NCR
**DR. MARGARITO B. MATRUM**, Schools Division Superintendent
**DR. GEORGE O. TIZON,** SGOD Chief
**DR. ELLERY G. QUINTIA**, CID Chief
**DR. MA. GLORIA G. TAMAYO**, Regional EPS-Filipino
**DR. JENNIFER G. RAMA**, Division EPS-Filipino
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Supervisor
**DR. DAISY L. MATAAC**, Division LR Supervisor/ALS
**NANCY C MABUNGA**, Regional Librarian

**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili**

| ARALIN 4 | Paggamit ng mga Salitang Kilos sa Pag-uusap Tungkol sa Iba't Ibang Gawain sa Tahanan, Paaralan, at Pamayanan |
|---|---|

## Inaasahan

1. Nagagamit ang mga salitang kilos sa pag-uusap tungkol sa iba't ibang gawain sa tahanan, paaralan, at pamayanan. **F3WG-Ive-f-5**
2. Nababasa ang mga salitang hiram/natutuhan sa aralin. **F3PP-IVc-g-2**

## Unang Pagsubok

**Panuto**: Piliin ang letra ng tamang sagot.

1. Si Ruben ay naghuhugas ng kamay bago kumain. Alin ang salitang kilos sa pangungusap?
   A. bago B. Ruben C. kamay D. naghuhugas
2. Mahilig _________ ng baskelbol si Andrew. Anong salitang kilos ang bubuo sa pangungusap?
   A. naglaro B. maglaro C. naglalaro D. maglalaro
3. Palaging nagbabasa ng aklat si Rina. Ano ang salitang kilos na ginamit sa pangungusap?
   A. Palaging B. nagbabasa C. aklat D. Rina
4. Ito ay salin mula sa ibang wika kagaya ng Ingles, Kastila o di kaya'y sa wikang Intsik.
   A. salitang ugat
   B. salitang hiram
   C. magkasalungat na salita
   D. salitang magkasintunog

5. Inutusan ako ni nanay na maghugas ng plato. Alin sa pangungusap ang salitang hiram?
   A. bumili B. nanay C. plato D. Inutusan

## Balik-tanaw

**Panuto:** Basahin ang talata at sagutin ang mga tanong tungkol dito.

**Masayang Kaarawan**

*Mary Jane E. Cabacaba*

Nagdiwang ng kaarawan si Sarah noong nakaraang Sabado. Dahil sa *COVID 19* wala siyang inanyayahang mga kaibigan. Kasama niya ang kaniyang buong pamilya sa pagdiriwang ng kaniyang kaarawan.

Noong araw na iyon, maagang gumising ang buong pamilya. Si nanay ay nagluto ng masasarap na pagkain. Si tatay naman ay pumunta sa bayan para bumili ng masarap na keyk. Sumakay siya sa dyip. Si ate ay naglinis ng bahay. Nagpunas siya ng iskrin ng telebisyon, nagwalis siya sa sahig at gilid ng aparador. Sa aparador nakatago ang magandang bestida ni Sarah. Si kuya naman ang nagbalot ng regalo. Tuwang-tuwa si Sarah sa natanggap niyang gitara na regalo sa kaniya.

Masaya ang buong pamilya sa kaniyang kaarawan.

1. Tungkol saan ang talata?____________________
2. Bakit wala siyang inanyayahang mga kaibigan sa kaniyang kaarawan? ____________________
3. Ano ang binili ni tatay sa bayan? ____________________
4. Ano ang ginawa ni ate? ____________________
5. Masaya ka rin ba tuwing sasapit ang iyong kaarawan? Bakit?

   ____________________

(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili )

# Maikling Pagpapakilala ng Aralin

Basahin ang mga sumusunod na pangungusap na hango sa talata.

- Si nanay ay <u>nagluto</u> ng masasarap na pagkain.
- Si tatay naman ay <u>pumunta</u> sa bayan para <u>bumili</u> ng masarap na keyk.
- <u>Sumakay</u> siya sa dyip.
- Si ate ay <u>naglinis</u> ng bahay.
- <u>Nagpunas</u> siya ng telebisyon, <u>nagwalis</u> siya ng sahig at gilid ng aparador.
- Si kuya naman ang <u>nagbalot</u> ng regalo.

Ang mga salitang may salungguhit ay mga salitang kilos. Ito ay nagsasaad ng kilos o galaw. Ang salitang kilos ay tinatawag na **pandiwa**.

Bukod sa salitang kilos mayroon ding mga salita na ginamit sa talata na kailangang bigyang pansin. Tingnan ang mga salita sa loob ng kahon.

| |
|---|
| **keyk, dyip, telebisyon, gitara, aparador, bestida** |

Ang mga salita sa loob ng kahon ay mga **salitang hiram**. Ito ay bahagi ng wikang Filipino na kinuha sa wikang dayuhan katulad ng Ingles, Kastila at iba pa.

Halimbawa:

| Salita | Salitang Pinanggalingan | Wikang Filipino |
|---|---|---|
| check | Ingles | tsek |
| ballpen | Ingles | bolpen |
| hopia | Tsino | hopya |
| gastos | Kastila | gastos |
| guitara | Kastila | gitara |

## Gawain 1

**Panuto.** Bilugan ang mga salitang hiram na ginamit sa bawat pangungusap.

1. Gumagamit si Abi ng kompyuter sa kaniyang pag-aaral sa *online class*.
2. Nanonood si Jose ng balita sa telebisyon tungkol sa bakuna sa *COVID 19*.
3. Pang-umaga ang iskedyul ng pasok ni tatay sa kaniyang trabaho.
4. Palagi akong nagbabasa ng magasin.
5. Mahilig maglaro ng basketbol si Ramon.

# Gawain 2

**Panuto.** Salungguhitan ang mga pandiwa at bilugan ang mga salitang hiram na ginamit sa diyalogo.

Isang tanghali habang naghahanda ng pagkain ang kanilang nanay, lumapit sina Ana at Dino



*Cartoon Story Maker Application*

**Ana:** Nanay, ano po ang inihahanda ninyong pagkain?

**Nanay:** Naghahanda ako ng masustansiyang pagkain para sa ating tanghalian. May gulay, isda at prutas.

**Dino:** Bakit po kailangan nating kumain ng gulay, isda at prutas?

**Nanay:** Kailangan nating kumain para lumakas ang ating resistensiya. Kapag malakas ang ating resistensiya hindi tayo mahahawaan ng sakit na *COVID 19*.

**Ana:** Kaya po pala, palagi kayong bumibili ng prutas, gulay, at isda sa palengke.

**Dino:** Pampalakas din po ba ng resistensiya ang bitamina C na inyong binibili at pinaiinom sa amin?

**Nanay:** Oo mga anak, hindi kayo magkakasipon kapag sinusunod ninyo ang sinasabi ko na tamang pag-inom ng bitamina C.

**Ana:** Maraming salamat po nanay sa pag-aalaga mo sa amin.

**Dino:** Palagi na po kaming kakain ng mga masustansiyang pagkain na iniluluto ninyo at iinom na po kami ng bitamina

**Nanay:** Walang anoman mga anak. Mahal ko kayo kaya inaalagaan ko ang inyong kalusugan, kaya halina't kumain na tayo habang mainit pa ang aking niluto.


## Tandaan


Guhit ni: M.Cabacaba

- Ang salitang kilos ay mga salitang nagsasaad ng kilos o galaw. Ito ay tinatawag na **pandiwa.**
- Ang **salitang hiram** ay bahagi ng wikang Filipino na kinuha sa mga wikang dayuhan katulad ng Ingles, Kastila, at iba pa.

## Pag-alam sa mga Natutuhan


**Panuto.** Gamitin sa pangungusap ang mga kilos at salitang hiram na nakasaad sa larawan upang makaiwas sa *COVID 19*. Isulat ang pangungusap sa loob ng kahon.


Pearl Anne O. Buco

______________________________________
______________________________________



Pearl Anne O. Buco



Guhit ni Pearl Anne O. Buco

## Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto:** Piliin ang salitang kilos at salitang hiram sa loob ng kahon upang mabuo ang diyalogo.

| | | | |
|---|---|---|---|
| *mask* | sabon | bakuna | maglaro |
| magsuot | magbigay | maghugas | telebisyon |
| magpabakuna | | | |

---

Isang gabi, nagtanong si Ben tungkol sa balita sa telebisyon.




*Story Maker Application*

# Susi sa Pagwawasto

UNANG PAGSUBOK:
1. D
2. B
3. B
4. B
5. C

BALIK TANAW:
1. MASAYANG KAARAWAN
2. DAHIL SA COVID 19
3. KEYK
4. NAGLINIS NG BAHAY
5. OPO. DAHIL KASAMA ANG PAMILYA

**Gawain1**

1. Gumagamit si Abi ng kompyuter sa kaniyang pag-aaral sa online class.
2. Nanonood si Jose ng balita sa telebisyon tungkol sa bakuna sa COVID 19.
3. Pang-umaga ang iskedyul ng pasok ni tatay sa kaniyang trabaho.
4. Palagi akong nagbabasa ng magasin.
5. Mahilig maglaro ng basketbol si Ramon.

GAWAIN 2

| KILOS | SALITANG HIRAM |
|---|---|
| 1NAGHAHANDA | PRUTAS |
| KUMAIN | RESISTENSYA |
| BUMIBILI | BITAMINA |
| PAG -INOM | MASUSTANSYA |

PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN:
1. Naghuhugas ako ng kamay gamit ang sabon at tubig.
2. Gumagamit ako ng *shampoo* kapag naliligo.
3. Nagsusuot ako ng mask sa tuwing lalabas ng bahay.

PANGWAKAS NA PAGSUSULIT
1. TELEBISYON
2. MAGBIGAY
3. MAGHUGAS
4. sabon
5. magsuot
6. mask
7. magpabakuna
8. bakuna

# Sanggunian

Amaflor Alde, Lea Agustin, Aireen Ambat, Josenette Brana, Florenda Cardinoza, Dolorosa Castro, Modesta Jaurigue, Louiegrace Margallo, Natasha Rae Natividad, Ronald Ramilo, Cynthia Reyroso, Agnes G. Rolle, Mercelita Salazar, at Jenny-Lyn Trapane, *Pagsulat ng isang talata. Batang Pinoy Ako Kagamitan ng Mag-aaral sa Filipino3, p.147*(2017).